


Filipino - Filipino

Lahat ng mga empleyadong nagtatrabaho sa Australya ay may pare-parehong mga karapatan sa lugar ng trabaho, kabilang dito ang mga migranteng manggagawa at mga may hawak na visa.

Lahat ng mga tagapag-empleyo sa Australya ay kailangang sumunod sa mga batas sa lugar ng trabaho kahit pa ang kanilang mga manggagawa ay may hawak na visa.

Maaari kaming makatulong sa iyo na maunawaan ang iyong mga karapatan at mga tungkulin sa trabaho.

Panoorin ang aming maikling video tungkol sa pagtatrabaho sa Australya.



Pagsisimula

Alamin ang higit pa tungkol sa pagtatrabaho sa Australia:

- [suweldo](#)
- [pahayag ng impormasyon sa fair work](#)
- [mga bakasyon at oras na pahinga sa trabaho](#)
- [pagtatapos ng pagtatrabaho](#)
- [kailangan ng tulong](#)
- [tumawag sa amin.](#)

Sahod

Iba't iba ang mga minimum na rate ng pasuweldo sa iba't ibang uri ng mga trabaho na lahat ng mga empleyado ay kailangang bayaran. Bilang isang gabay, ang empleyado na 21 taong gulang o higit pa ay dapat tumatanggap ng hindi bababa sa \$19.84 kada oras o \$24.80 kung hindi nakakatanggap ng bayad na bakasyon.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang aming [Pahina para sa kabayaran sa trabaho \(www.fairwork.gov.au/language-help/filipino/payment-for-work\)](http://www.fairwork.gov.au/language-help/filipino/payment-for-work).

Kung ang isang empleyado ay kailangang magsanay, dumalo sa mga pulong o buksan at isara ang negosyo bilang bahagi ng kanilang trabaho, dapat silang bayaran nang tama para sa lahat ng oras na trinabaho nila. Ang mga empleyado ay dapat bayaran ng pera, hindi ng mga kalakal at mga serbisyo tulad ng pagkain, damit o tirahan.

Pahayag ng Impormasyon ng Fair Work

Ikaw ba ay isang bagong empleyado? O kumukuha ng mga bagong kawani? Kailangang bigyan ng mga tagapag-empleyo ang bawat bagong empleyado ng isang kopya ng Pahayag ng Impormasyong sa Fair Work (Fair Work Information Statement) bago, o sa lalong madaling panahon, pagkatapos magsimula ng trabaho.

Ang dokumentong ito ay nagbibigay sa mga bagong empleyado ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan sa trabaho. Maaari mong i-download ang Pahayag ng Impormasyon sa Fair Work sa [Filipino \(DOCX 85.8KB\) \(www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/731/filipino-fair-work-information-statement.docx.aspx\)](http://www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/731/filipino-fair-work-information-statement.docx.aspx) (PDF 1.5MB) (www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/731/Filipino-Fair-Work-Information-Statement.pdf.aspx) (Fair Work Information Statement). Ito ay maaari ring makuha sa Ingles (DOCX 87.8KB) (www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/724/Fair-Work-Information-Statement.docx.aspx) (PDF 212.9KB) (www.fairwork.gov.au/ArticleDocuments/724/Fair-Work-Information-Statement.pdf.aspx) .

Mga bakasyon at bakasyon sa trabaho

Maaaring lumiban sa trabaho ang mga empleyado. Ito ay tinatawag na 'bakasyon' (leave). Kabilang dito ang:

- bayad na bakasyon sa mga pagbabakasyon
- bayad na bakasyon kung sila ay may sakit o sa nag-aalaga ng isang tao
- bakasyon kung bagong panganak

Maghanap ng karagdagang impormasyon sa aming pahina ng mga bakasyon at pagkuha ng bakasyon (www.fairwork.gov.au/language-help/filipino/holidays-and-taking-time-off-work/default) .


Pagtatapos ng pagtatrabaho

Ang isang empleyado ay maaaring magbitiw o maaaring sisantihin (fired).

Mahalagang ibigay ang tamang panahon ng pabatid (notice). Gamitin ang aming kalkulador sa Pabatid at Redundancy ([Notice and Redundancy \(https://calculate.fairwork.gov.au/endingemployment\)](https://calculate.fairwork.gov.au/endingemployment)) upang makalkula ang mga karapatang matatanggap sa pabatid at redundancy (redundancy).

Kailangan mo ba ng tulong?

Maaari kaming makatulong kung ikaw ay may problema sa iyong suweldo o mga kondisyon sa trabaho. [Makipag-usap sa amin sa iyong wika](#). Lahat ay may pare-parehong mga karapatan sa lugar ng trabaho sa Australya. Panoorin ang aming maikling video upang malaman ang higit pa.



Para sa impormasyon kung paano maaaring makatulong sa iyo ang Fair Work Ombudsman sa mga di-pagkakaunawaan sa lugar ng trabaho, mangyaring sumangguni sa aming Pahina ng tulong sa paglutas ng mga isyu sa lugar ng trabaho (www.fairwork.gov.au/language-help/filipino/issues-in-the-workplace/resolving-workplace-disputes) .

Kung nag-aalala ka na mayroong hindi sumusunod sa mga batas sa lugar ng trabaho ngunit ayaw mong masangkot, maaari mo ring iulat ang isyu sa amin nang hindi ka nagpapakilala (www.fairwork.gov.au/language-help/filipino/issues-in-the-workplace/default) .

Ang isang empleyado ay hindi malalagay sa alanganin sa pakikipag-ugnay sa Fair Work Ombudsman upang humingi ng impormasyon tungkol sa kanilang suweldo at mga karapatang matatanggap.

Lahat ng mga manggagawa sa Australya ay may pare-parehong mga proteksyon sa lugar ng trabaho. Panoorin ang aming maikling video upang malaman ang higit pa.

Tawagan kami

Kung kailangan mo ng interpreter, tawagan ang Serbisyo ng Pagsasalin at Pag-iinterpretar (TIS) sa 131 450 upang itakda ang oras ng pakikipag-usap sa amin nang libre sa iyong wika. Sabihin sa opereytor ang wika na sinasalita mo at hilingin sa kanila na tumawag sa amin sa 131 394. Maaari mong tawagan ang TIS mula sa labas ng Australya sa +61 3 9268 8332.

Ano ang susunod na gagawin

- Nag-aalala ka ba na may isang taong hindi sumusunod sa mga batas sa lugar ng trabaho? Maaari mong sabihin sa amin ang tungkol dito nang hindi nagpapakilala. Gumawa ngayon ng isang [ulat na hindi nagpapakilala](http://www.fairwork.gov.au/language-help/filipino/issues-in-the-workplace/default) (www.fairwork.gov.au/language-help/filipino/issues-in-the-workplace/default)

Page reference No: 2809

Contact us

Fair Work Online: www.fairwork.gov.au

Fair Work Infoline: 13 13 94

Need language help?

Contact the Translating and Interpreting Service (TIS) on 13 14 50

Hearing & speech assistance

Call through the National Relay Service (NRS):

For TTY: 13 36 77. Ask for the Fair Work Infoline 13 13 94

Speak & Listen: 1300 555 727. Ask for the Fair Work Infoline 13 13 94

The Fair Work Ombudsman is committed to providing advice that you can rely on. The information contained on this website is general in nature. If you are unsure about how it applies to your situation you can call our Infoline on 13 13 94 or speak with a union, industry association or workplace relations professional. Visitors are warned that this site may inadvertently contain names or pictures of Aboriginal and Torres Strait Islander people who have recently died.